「この翻訳につきましては、できるだけ日本語の原文に近づけるように翻訳しておりますが､100%その内容を保証するものではないことを予めご了承ください。必要に応じて日本語の添付文書をご参照いただけるようお願いいいたします。」

## （英語）（English）

Regarding this translation, we did the best we could to match the original Japanese text, however some parts were written in a suitable way to make it understandable to the English readers. Please refer to the Japanese instruction if necessary.

## （中国語）（Chinese）

这个翻译是，尽可能的接近日语的原文正翻译成。但是事先表明，由于不能保证 100%的内容准确度，根据需敬请参照日语的添加文书。对此敬请谅解。

## （韓国・朝鮮語）（한국・조선어）

이 번역에 대해서는, 될수 있는한 일본어 원본과 가까이 해서 번역하고 있습니다만,100% 이 내용을 보증 할수는 없으므로 양해를 해주시기 바랍니다. 필요에 대해서는 일본어 첨부 설명서를 참고하여 주시기를 부탁드립니다.

## （タガログ語）（Tagalog）

Isinagawa ang pagsasalin na ito na sinunod sa abot ng makakaya ang orihinal na teksto na nasa wikang Hapon, subalit may mga bahagi na isinulat upang madaling maintindihan ng mga mambabasa ng Tagalog. Mangyaring isangguni ang tagubilin na nasa wikang Hapon kung kinakailangan.

## （ポルトガル語）（Portuguese）

Apesar de todos os esforços não pode ser traduzido em cem por cento. Esta tradução será anexado como um auxiliar de informação o mais próximo possível do japonês para o português, apesar das limitações. Use a para melhor entendimento das explicações em japonês.

## （スペイン語）（Spanish）

A pesar de todos los esfuerzos tal vez no se ha logrado una traducción al cien por ciento. Esta traduccion se adjunta como una información auxiliar lo mas cercana posible del japonés al espaňol, no obstante la limitaciónes. Usela para comprender mejor las explicaciónes en japonés que están a su disposición.

# Pangalan ng produkto: ACTIVIR Ointment　（アクチビア軟膏）

※Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

## Buod ng produkto

[Gamit]

Para sa paggamot ng nauulit na herpes sa bibig. (Tanging mga pasyente lang na nakaraang nasuri ng isang doktor at nakatanggap ng medikal na paggamot ang maaaring gumamit ng gamot na ito.)

[Sangkap at Pagkilos]

Kabilang ang sumusunod na sangkap sa Activir 1g:

| Aktibong Sangkap | Dami | Epekto |
|---|---|---|
| Acyclovir | 50mg | Nakakatulong ang gamot na ito sa paglaban sa herpes virus. |

[Dosis at Paggamit]

Maglagay ng naaangkop na dami ng gamot na ito sa apektadong lugar nang 3 hanggang 5 beses sa isang araw. (Maglagay kapag nakaramdam ka ng kiliti o ng parang tinutusok ng karayom sa mismo o sa paligid ng iyong mga labi.)

Paglalarawan

- Ang kiliti o parang tinutusok ng karayom ay mga palantandaan ng pag-ulit ng cold sore. Gamitin ang produktong ito mula sa maagang bahagi ng pag-ulit.
- Sa pangkalahatan, gamitin ang produktong ito pagkatapos ng bawat pagkain at bago matulog.
- Huwag ibigay ang gamot na ito sa miyembro ng pamilyang nagkaroon ng cold sore sa unang pagkakataon.

<Mga Babala sa Dosis at Paggamit>

- Mangyaring eksaktong sundin ang tinukoy na dosis at mga direksyon sa paggamit.
- Gamitin sa bata ang gamot na ito sa ilalim lamang ng patnubay at pangangasiwa ng magulang.
- Iwasang malagyan ang mga mata. Kung ang gamot na ito ay napunta sa iyong mga mata, mangyaring agad na hugasan ang mga ito ng malamig o maligamgam na tubig. Mangyaring humingi ng paggamot mula sa isang doktor sa mata kung nananakit pa rin ang iyong mga mata matapos na hugasan ang mga ito.
- Para sa panlabas na paggamit lamang.
- Huwag kainin o dilaan ang gamot na ito, kahit na walang banta sa kalusugan ang gamot na ito.

## Mga Pag-iingat para sa Paggamit

Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

■ Ano ang hindi dapat gawin

(Ang pagkabigong sundin ang mga babalang ito ay maaaring humantong sa paglala ng mga sintomas at pagtaas ng peligro ng nakakasamang epekto .)

1. Hindi dapat gumamit ng gamot na ito ang sumusunod na mga tao:

(1) Iyong mga tila mayroong mga sintomas ng cold sore sa unang pagkakataon o may malaking naapektuhang bahagi. (Kumunsulta sa doktor kung mayroon kang mga sintomas sa unang pagkakataon dahil maaari itong lumalala, o kung mayroon kang malaking naapektuhang bahagi, maaari itong malalang anyo ng cold sore.)

(2) Iyong dati nang may allergic reaction sa gamot na ito o mga gamot na naglalaman ng valacyclovir hydrochloride. (Ang produktong ito ay maaaring magdulot muli ng allergic reaction.)

(3) Ang mga batang mas bata sa edad na 6.
(May mataas na posibilidad ng impeksyon sa unang pagkakataon para sa mga bata at sanggol.)

2. Huwag gamitin ang gamot na ito sa sumusunod na bahagi ng katawan:
   (1) Sa loob at sa paligid ng iyong mga mata. (Maaaring makairita ang gamot na ito sa iyong mga mata.)
   (2) Anumang bahagi ng katawan bukod sa iyong mga labi at ang lugar na nakapalibot sa mga ito. (Lumilitaw lamang ang cold sore sa at sa palibot ng iyong mga labi).

■ Tiyaking:

1. Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko bago gamitin ang gamot na ito kung ang alinman sa sumusunod ang naaangkop sa iyo:
   (1) Iyong mga sumasailalim sa paggamot sa pamamagitan ng dalawang magkaibang mga doktor. (Maaaring may pagkakataong ireseta ng parehong doktor ang magkatulad o magkaparehong mga gamot.)
   (2) Kung ikaw ay o iniisip mong ikaw ay nagdadalang-tao. (Ang babaeng buntis ay dapat maging maingat tungkol sa pag-inom ng gamot. Kung ikaw ay o iniisip mong ikaw ay nagdadalang-tao, kumunsulta sa iyong doktor at sundin ang kanyang mga tagubilin).
   (3) Ang mga kababaihang nagpapasuso. (Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang mga inang umiinom ng gamot na ito ay maaaring mailipat ito sa kanilang gatas.
   (4) Ang mga pasyente o mga miyembro ng kanilang pamilyang posibleng magkaroon ng mga allergy. (Ang taong may allergic constitution ay maaaring makakuha ng mga allergic na sintomas sa pamamagitan ng paggamit ng produktong ito.)
   (5) Ang ilang may mga allergic reaction sa mga medisina. (Kung dati ka nang mayroong allergic reaction sa gamot, ang produktong ito ay maaaring magdulot din ng allergic reaction.)
   (6) Iyong mga nagkaroon ng malalang mamasa-masang balat o mga skin sore. (Kumunsulta sa doktor kung malala ang iyong mga sintomas.)
   (7) Iyong may ilang may atopic dermatitis. (Maaaring mapalala ng produktong ito ang atopic dermatitis. Kung mayroon kang atopic dermatitis, kumunsulta sa dalubhasa sa medisina.)
2. Kung naaangkop sa iyo ang alinman sa sumusunod, agad na huminto sa paggamit ng gamot na ito at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko gamit ang kalakip na ito:
   (1) Kapag lumitaw ang mga sumusunod na sintomas pagkatapos gamitin ang gamot na ito:

| Bahaging apektado | Mga Sintomas |
|---|---|
| Balat | pamamantal, pamumula, pamamaga, pangangati, pamumutok ng balat, iritasyon, pananakit, panunuyo ng balat, hapdi, o pangangaliskis ng balat na katulad ng balakubak |

   (Ang mga sintomas na binanggit sa itaas ay maaaring dulot ng isang allergic reaction o isang lantarang pagpapahayag ng pharmacological na kalidad ng produktong ito. Maaaring lumubha ang mga sintomas kung patuloy mong gagamitin ang gamot na ito.)
   (2) Kapag hindi bumuti ang mga sintomas pagkatapos gamitin ang gamot na ito makalipas ang 7 araw. (Kapag hindi bumuti ang mga sintomas pagkatapos gamitin ang produktong ito makalipas ang 7 araw, dapat mong isaalang-alang na ang mga sintomas ay maaaring malala o sanhi ng isa pang sakit. Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko sa lalong madaling panahon).

## Mga Pag-iingat na Pamparmasyutiko at sa Pag-iimbak:

(1) Tiyaking palaging mahigpit ang takip at iimbak ang gamot sa tuyo at malamig na lugar na malayo sa direktang sinag ng araw at temperaturang mababa sa 30° Celsius.
(2) Ilayo mula sa mga bata.
(3) Hugasang mabuti ang iyong mga kamay bago at pagkatapos ng paggamit.
(4) Huwag ilagay ang produktong ito sa isa pang lalagyan. (Maaari mawalan ito ng bisa o magbago ang kalidad nito.)
(5) Huwag gamitin ang produktong ito pagkatapos ng expiration date. Huwag gamitin ang produkto nang higit sa 6 na buwan matapos na ito ay mabuksan, kahit bago pa sumapit ang expiration date (upang matiyak ang kalidad ng produkto).

出典　製造販売元：グラクソ・スミスクライン株式会社
制作　（社）神奈川県薬剤師会

# Pangalan ng produkto: HERPECIA Ointment （ヘルペシア軟膏（なんこう））

※Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

## Buod ng produkto

[Gamit]

Para sa paggamot ng nauulit na herpes sa bibig. (Tanging mga pasyente lang na nakaraang nasuri ng isang doktor at nakatanggap ng medikal na paggamot ang maaaring gumamit ng gamot na ito.)

[Sangkap at Pagkilos]

Kabilang ang sumusunod na sangkap sa Herpecia 1g:

| Aktibong Sangkap | Dami | Epekto |
|---|---|---|
| Acyclovir | 50mg | Nakakatulong ang gamot na ito sa paglaban sa herpes virus. |

[Dosis at Paggamit]

Maglagay ng naangkop na dami ng gamot na ito sa apektadong lugar nang 3 hanggang 5 beses sa isang araw. (Maglagay kapag nakaramdam ka ng kiliti o ng parang tinutusok ng karayom sa mismo o sa paligid ng iyong mga labi.)

Paglalarawan

- Ang kiliti o parang tinutusok ng karayom ay mga palantandaan ng pag-ulit ng cold sore. Gamitin ang produktong ito mula sa maagang bahagi ng pag-ulit.
- Sa pangkalahatan, gamitin ang produktong ito pagkatapos ng bawat pagkain at bago matulog.
- Huwag ibigay ang gamot na ito sa miyembro ng pamilyang nagkaroon ng cold sore sa unang pagkakataon.

<Mga Babala sa Dosis at Paggamit>

- Mangyaring eksaktong sundin ang tinukoy na dosis at mga direksyon sa paggamit.
- Gamitin sa bata ang gamot na ito sa ilalim lamang ng patnubay at pangangasiwa ng magulang.
- Iwasang malagyan ang mga mata. Kung ang gamot na ito ay napunta sa iyong mga mata, mangyaring agad na hugasan ang mga ito ng malamig o maligamgam na tubig. Mangyaring magpagamot sa isang doktor sa mata kung nananakit pa rin ang iyong mga mata matapos na hugasan ang mga ito.
- Para sa panlabas na paggamit lamang.
- Huwag kainin o dilaan ang gamot na ito, kahit na walang banta sa kalusugan ang gamot na ito.

## Mga Pag-iingat para sa Paggamit

Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

■ Ano ang hindi dapat gawin

(Ang pagkabigong sundin ang mga babalang ito ay maaaring humantong sa paglala ng mga sintomas at pagtaas ng peligro ng nakakasamang epekto.)

1. Hindi dapat gumamit ng gamot na ito ang sumusunod na mga tao:

(1) Iyong mga tila mayroong mga sintomas ng cold sore sa unang pagkakataon o may malaking naapektuhang bahagi. (Kumunsulta sa doktor kung mayroon kang mga sintomas sa unang pagkakataon dahil maaari itong lumalala, o kung mayroon kang malaking naapektuhang bahagi, maaari itong malalang anyo ng cold sore.)

(2) Iyong dati nang may allergic reaction sa gamot na ito o mga gamot na naglalaman ng valacyclovir hydrochloride. (Ang produktong ito ay maaaring magdulot muli ng allergic reaction.)

(3) Ang mga batang mas bata sa edad na 6.
(May mataas na posibilidad ng impeksyon sa unang pagkakataon para sa mga bata at sanggol.)

2. Huwag gamitin ang gamot na ito sa sumusunod na bahagi ng katawan:
   (1) Sa loob at sa paligid ng iyong mga mata. (Maaaring makairita ang gamot na ito sa iyong mga mata.)
   (2) Anumang bahagi ng katawan bukod sa iyong mga labi at ang lugar na nakapalibot sa mga ito. (Lumilitaw lamang ang cold sore sa at sa palibot ng iyong mga labi).

■ Tiyaking:

1. Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko bago gamitin ang gamot na ito kung ang alinman sa sumusunod ang naaangkop sa iyo:
   (1) Iyong mga sumasailalim sa paggamot sa pamamagitan ng dalawang magkaibang mga doktor. (Maaaring may pagkakataong ireseta ng parehong doktor ang magkatulad o magkaparehong mga gamot.)
   (2) Kung ikaw ay o iniisip mong ikaw ay nagdadalang-tao. (Ang babaeng buntis ay dapat maging maingat tungkol sa pag-inom ng gamot. Kung ikaw ay o iniisip mong ikaw ay nagdadalang-tao, kumunsulta sa iyong doktor at sundin ang kanyang mga tagubilin).
   (3) Isang taong nagpapasuso. (Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang mga inang umiinom ng gamot na ito ay maaaring mailipat ito sa kanilang gatas.)
   (4) Ang mga pasyente o mga miyembro ng kanilang pamilyang posibleng magkaroon ng mga allergy. (Ang taong may allergic constitution ay maaaring makakuha ng mga allergic na sintomas sa pamamagitan ng paggamit ng produktong ito.)
   (5) Ang ilang may mga allergic reaction sa mga medisina. (Kung dati ka nang mayroong allergic reaction sa gamot, ang produktong ito ay maaaring magdulot din ng allergic reaction.)
   (6) Iyong mga nagkaroon ng malalang mamasa-masang balat o mga skin sore. (Kumunsulta sa doktor kung malala ang iyong mga sintomas.)
   (7) Iyong mga may atopic dermatitis. (Maaaring mapalala ng produktong ito ang atopic dermatitis. Kung mayroon kang atopic dermatitis, kumunsulta sa dalubhasa sa medisina.)
2. Kung naaangkop sa iyo ang alinman sa sumusunod, agad na huminto sa paggamit ng gamot na ito at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko gamit ang kalakip na ito:
   (1) Kapag lumitaw ang mga sumusunod na sintomas pagkatapos gamitin ang gamot na ito:

| Bahaging apektado | Mga Sintomas |
|---|---|
| Balat | pamamantal, pamumula, pamamaga, pangangati, pamumutok ng balat, iritasyon, pananakit, panunuyo ng balat, hapdi, o pangangaliskis ng balat na katulad ng balakubak |

   (Ang mga sintomas na binanggit sa itaas ay maaaring dulot ng isang allergic reaction o isang lantarang pagpapahayag ng pharmacological na kalidad ng produktong ito. Maaaring lumubha ang mga sintomas kung patuloy mong gagamitin ang gamot na ito.)
   (2) Kapag hindi bumuti ang mga sintomas pagkatapos gamitin ang gamot na ito makalipas ang 7 araw. (Kapag hindi bumuti ang mga sintomas pagkatapos gamitin ang produktong ito makalipas ang 7 araw, dapat mong isaalang-alang ang mga sintomas na malala man o sanhi ng isa pang sakit. Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko sa lalong madaling panahon).

**Mga Pag-iingat na Pamparmasyutiko at sa Pag-iimbak:**

(1) Tiyaking palaging mahigpit ang takip at iimbak ang gamot sa tuyo at malamig na lugar na malayo mula sa nasisinagan ng araw at temperaturang mababa sa 30° Celsius.
(2) Ilayo mula sa mga bata.
(3) Hugasang mabuti ang iyong mga kamay bago at pagkatapos ng paggamit.
(4) Huwag ilagay ang produktong ito sa isa pang lalagyan. (Maaari mawalan ito ng bisa o magbago ang kalidad nito.)
(5) Huwag gamitin ang produktong ito pagkatapos ng expiration date. Huwag gamitin ang produktong ito nang higit sa 6 na buwan pagkatapos na mabuksan ito, kahit na bago ang expiration date (upang matiyak ang kalidad ng produkto).

製造販売元
出典　大正製薬株式会社
制作　（社）神奈川県薬剤師会

## Pangalan ng produkto: S.TAC EVE FINE <tableta>（エスタックイブファイン＜錠剤＞

※Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

### Buod ng produkto

[Gamit]

Pagpawi ng maraming mga sintomas ng sipon: lagnat, panginginig, ubo, plema, pamamaga ng lalamunan, uhog, pagbabara ng ilong, pagbahing, pananakit ng ulo, pananakit ng kasu-kasuan, at pananakit ng kalamnan.

[Mga Sangkap at Epekto]

Kabilang sa 9 na mga tableta ang sumusunod na mga sangkap (ang isang araw na dosis para sa isang nasa wastong edad):

| Aktibong Sangkap | Nilalaman | Epekto |
|---|---|---|
| Ibuprofen | 450mg | Pinapababa ang lagnat, at nakakatulong na mapawi ang: mga pananakit ng ulo, pamamaga ng lalamunan, at kirot. |
| Ambroxol Hydrochloride | 45mg | Tumutulong na labanan ang sanhi ng paulit-ulit na pag-ubo. |
| Isopropamide Iodide | 6mg | Nakakatulong na mapawi ang runny nose. |
| Dihydrocodeine Phosphate | 24mg | Kinokontrol ang pag-ubo, umeepekto sa pinakasanhi nito. |
| dl-Methylephedrine Hydrochloride | 60mg | Pinapalawak ang bronchi (pinadadali ang paghinga) at tumutulong na pigilan ang pag-ubo. |
| Chlorpheniramine Maleate | 7.5mg | Pinapawi ang pagbahing, runny nose, at pagbabara. |
| Anhydrous caffeine | 75mg | Tumutulong na mapawi ang mga pananakit ng ulo. |
| Ascorbic acid (vitamin C) | 300mg | Para sa muling pagdaragdag ng bitaminang ito, na madaling maubos kapag mayroon kang sipon. |
| Thiamine nitrate (vitamin B1 nitrates) | 24mg | |

[Dosis at Paggamit]

Inumin ang mga tableta 3 beses sa isang araw sa loob ng 30 minuto pagkatapos kumain.

| Edad | Isang dosis |
|---|---|
| Nasa wastong edad (15 taong gulang o higit pa) | 3 tabletas |
| Mas bata sa 15 taong gulang | Huwag uminom ng gamot na ito. |

<Mga Babala sa Dosis at Paggamit>

- Mangyaring eksaktong sundin ang tinukoy na dosis at mga direksyon sa paggamit.

### Mga Pag-iingat para sa Paggamit

Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

■ Ano ang hindi dapat gawin

(Ang pagkabigo na sundin ang mga babalang ito ay maaaring humantong sa paglala ng mga sintomas at mapataas ang peligro ng mga nakakasamang epekto).

1. Hindi dapat uminom ng gamot na ito ang sumusunod na mga tao:

(1) Iyong mga dati nang may allergic reaction sa gamot na ito.

(2) Sa mga nagkaroon ng pag-atake ng hika matapos na inumin ang gamot na ito o iba pang mga gamot sa sipon tulad ng mga pampababa ng lagnat o painkillers.

(3) Ang mga mas bata sa 15 taong gulang ay hindi dapat uminom ng gamot na ito.

2. Kapag umiinom ng gamot na ito, tiyaking huwag uminom ng mga sumusunod na gamot:
   Iba pang mga gamot sa sipon, pampababa ng lagnat, pampakalma, pampigil sa ubo, o anumang mga gamot na iniinom na naglalaman ng antihistamine, hal., mga gamot na iniinom para sa runny nose, mga pildoras para sa pagkahilo sa biyahe, o mga paggamot sa allergy.
3. Mangyaring huwag magpatakbo ng sasakyan o makinarya pagkatapos uminom ng gamot na ito.
   (Ang gamot na ito ay maaaring makapagpaantok sa iyo o makaapekto sa iyong paningin.)
4. Ang mga kababaihang nagpapasuso ay hindi dapat uminom ng gamot na ito. Kung iinom ka ng gamot na ito, mangyaring huminto sa pagpapasuso ng inyong anak.
5. Mangyaring huminto sa pag-inom ng mga inuming nakalalasing kapag umiinom ng gamot na ito.
6. Mangyaring huwag uminom ng gamot na ito nang higit sa 5 araw.

■ Tiyaking:

1. Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko bago gamitin ang gamot na ito kung naaangkop sa iyo ang alinman sa sa mga sumusunod:
   (1) Kasalukuyan kang sumasailalim sa paggamot ng doktor o dentista
   (2) Kung ikaw ay o iniisip mong ikaw ay nagdadalang-tao.
   (3) Kung ikaw ay may edad na.
   (4) Sa mga malapit sa mga allergy o mayroong kasaysayan ng allergy sa pamilya.
   (5) Kung ikaw ay isang taong dati nang nagkaroon ng mga allergic reaction sa mga gamot.
   (6) Ang mga taong may sumusunod na sintomas: mataas na lagnat, o hirap sa pag-ihi.
   (7) Sa mga nasuring may alinman sa sumusunod: alta presyon, sakit sa puso, diyabetis, glaucoma, sakit sa atay, sakit sa bato, pamamaga ng thyroid gland, lupus, o Sharp syndrome.
   (8) Iyong mga nagkaroon ng mga sumusunod na sakit:
   Isang gastroduodenal ulcer, idiopathic ulcerative colitis, o Crohn's disease.
2. Kung nakakaranas ka ng alinman sa sumusunod, agad na huminto sa paggamit ng gamot na ito at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko tungkol sa kalakip na ito.
   (1) Kapag lumitaw ang mga sumusunod na sintomas pagkatapos inumin ang gamot na ito.

| Bahaging apektado | Mga Sintomas |
|---|---|
| Balat | Pantal, pamumula, o pangangati |
| Digestive system | Pagduduwal, pagsusuka, walang gana, pananakit ng tiyan, pagkasira ng tiyan, kabag, heartburn, o pananakit ng sikmura |
| Nervous system | Pagkahilo |
| Iba pa | Malabong paningin, matining na tunog sa tenga, hirap sa pag-ihi, plema, o pagkamanhid sa iyong katawan |

Ang mga sumusunod na seryosong sintomas ay maaaring bihirang mangyari. Kung mayroon ka ng mga sintomas na ito, kumunsulta agad sa doktor.

| Pangalan ng sintomas | (Mga) Tanda ng sintomas |
|---|---|
| Pagkagulat (anaphylaxis) | Pamumutla ng mukha, panlalamig ng mga kamay at paa, labis na pagpapawis nang malamig, labis na pamamantal, nakakaranas ng pamamanas, o hirap sa paghinga pagkatapos na uminom ng gamot na ito. |
| Stevens-Johnson syndrome<br><br>Toxic epidermal necrolysis (Lyell's syndrome) | Kabilang sa mga malalang palantandaan: pamamantal, pamumula ng balat, ang paglitaw ng mga paltos sa balat na parang nalapnos, bibig, o sa paligid ng mga mata. |
| Sakit sa atay | Labis na pagkapagod o jaundice (paninilaw ng balat o mga mata). |
| Pagpalya ng bato | Ang pagbaba ng dami ng ihi, pamamaga ng katawan, pangkalahatang depresyon, pagsusuka, dugo sa ihi, o albumin sa ihi. |
| Aseptic meningitis | Kabilang ang: nakikitaan ng matinding pananakit ng ulo, lagnat, pagkahilo / pagsusuka. (Para sa mga sintomas, madalas na nauulat ang mga iyon sa mga pasyenteng ginagamot para sa lupus o halu-halong mga karamdaman sa connective tissue). |
| Interstitial pneumonia | Kabilang ang: pagkahapo, hirap sa paghinga, o dry cough.<br>(Kung ang mga sintomas na ito, ay pareho sa ilang nakita sa pagkakaroon ng sipon, ay mas lumalala, huminto sa pag-inom ng gamot na ito at kumunsulta sa iyong doktor sa lalong madaling panahon kung ikaw ay.) |
| May hika | |

(2) Kapag hindi bumuti ang iyong mga sintomas kahit uminom ka ng gamot nang 5-6 na beses. (Sa partikular, kung nagpatuloy ang iyong lagnat nang higit sa tatlong araw.)

3. Ang mga sumusunod na sintomas ay maaaring mangyari paminsan-minsan. Kung ang mga sintomas na ito ay nagpatuloy o nadagdagan, huwag ipagpatuloy ang gamot na ito at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko:
   Empatso, pagtatae, o panunuyo ng bibig.

## Mga Pag-iingat na Pamparmasyutiko at sa Pag-iimbak:

(1) Tiyaking palaging mahigpit ang takip at iimbak ang gamot sa tuyo at malamig na lugar na malayo mula sa nasisinagan ng araw.

(2) Ilayo mula sa mga bata.

(3) Huwag ilagay ang produktong ito sa isa pang lalagyan. (Maaari mawalan ito ng bisa o magbago ang kalidad nito.)

(4) Huwag gamitin ang gamot na ito ng may mga basang kamay. Ang balot na asukal ay maaaring hindi pantay o maaaring magbago ang kulay nito.

(5) Ang inilagay na bagay sa bote ay nilayon upang maiwasang masira ang tableta sa panahon ng pabibiyahe. Mangyaring alisin ito pagkatapos na buksan.

(6) Huwag gamitin ang produktong ito pagkatapos ng expiration date. Huwag gamitin ang produktong ito nang higit sa 6 na buwan pagkatapos na mabuksan ito, kahit na bago sumapit ang expiration date.

出典　製造販売元 エスエス製薬株式会社
発行　（社）神奈川県薬剤師会

# Pangalan ng produkto: S.TAC EVE FINE <granule>（エスタックイブファイン＜顆粒＞）

※Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

## Buod ng produkto

[Gamit]

Pagpawi ng maraming mga sintomas ng sipon: lagnat, panginginig, ubo, plema, pamamaga ng lalamunan, uhog, pagbabara ng ilong, pagbahing, pananakit ng ulo, pananakit ng kasu-kasuan, at pananakit ng kalamnan.

[Mga Sangkap at Epekto]

Kabilang ang mga sumusunod na sangkap sa 1 pakete (1.3g):

| Aktibong Sangkap | Dami | Epekto |
|---|---|---|
| Ibuprofen | 150mg | Pinapababa ang lagnat, at nakakatulong na mapawi ang: mga pananakit ng ulo, pamamaga ng lalamunan, at kirot. |
| Ambroxol Hydrochloride | 15mg | Tumutulong na labanan ang sanhi ng paulit-ulit na pag-ubo. |
| Isopropamide Iodide | 2mg | Nakakatulong na mapawi ang runny nose. |
| Dihydrocodeine Phosphate | 8mg | Kinokontrol ang pag-ubo, umeepekto sa pinakasanhi nito. |
| dl-Methylephedrine Hydrochloride | 20mg | Pinapalawak ang bronchi (pinadadali ang paghinga) at tumutulong na pigilan ang pag-ubo. |
| Chlorpheniramine Maleate | 2.5mg | Pinapawi ang pagbahing, runny nose, at pagbabara. |
| Anhydrous caffeine | 25mg | Tumutulong na mapawi ang mga pananakit ng ulo. |
| Ascorbic acid (vitamin C) | 100mg | Para sa muling pagdaragdag ng bitaminang ito, na madaling maubos kapag mayroon kang sipon. |
| Thiamine nitrate (vitamin B1 nitrates) | 8mg | |

[Dosis at Paggamit]

Gamitin ang package ng 3 beses sa isang araw sa loob ng 30 minuto pagkatapos kumain.

| Edad | Isang dosis |
|---|---|
| Nasa wastong edad (15 taong gulang o higit pa) | 1 pakete |
| Mas bata sa 15 taong gulang | Huwag uminom ng gamot na ito. |

<Mga Babala sa Dosis at Paggamit>

- Mangyaring eksaktong sundin ang tinukoy na dosis at mga direksyon sa paggamit.

## Mga Pag-iingat para sa Paggamit

Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

■ Ano ang hindi dapat gawin

(Ang pagkabigo na sundin ang mga babalang ito ay maaaring humantong sa paglala ng mga sintomas at mapataas ang peligro ng mga nakakasamang epekto).

1. Hindi dapat uminom ng gamot na ito ang sumusunod na mga tao:

(1) Iyong mga dati nang may allergic reaction sa gamot na ito.

(2) Sa mga nagkaroon ng pag-atake ng hika matapos na inumin ang gamot na ito o iba pang mga gamot sa sipon tulad ng mga pampababa ng lagnat o painkillers.

(3) Sa mga mas bata sa 15 taong gulang ay hindi dapat uminom ng gamot na ito.

2. Kapag umiinom ng gamot na ito, tiyaking huwag uminom ng mga sumusunod na gamot:
   Iba pang mga gamot sa sipon, pampababa ng lagnat, pampakalma, pampigil sa ubo, o anumang mga gamot na iniinom na naglalaman ng antihistamine, hal., mga gamot na iniinom para sa runny nose, mga pildoras para sa pagkahilo sa biyahe, o mga paggamot sa allergy.
3. Mangyaring huwag magpatakbo ng sasakyan o makinarya pagkatapos uminom ng gamot na ito.
   (Ang gamot na ito ay maaaring makapagpaantok sa iyo o makaapekto sa iyong paningin.)
4. Ang mga kababaihang nagpapasuso ay hindi dapat uminom ng gamot na ito. Kung iinom ka ng gamot na ito, mangyaring huminto sa pagpapasuso ng inyong anak.
5. Mangyaring huminto sa pag-inom ng mga inuming nakalalasing kapag umiinom ng gamot na ito.
6. Mangyaring huwag uminom ng gamot na ito nang higit sa 5 araw.

■ Tiyaking:

1. Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko bago gamitin ang gamot na ito kung ang alinman sa sumusunod ang naaangkop sa iyo:
   (1) Kasalukuyan kang sumasailalim sa paggamot ng doktor o dentista
   (2) Kung ikaw ay o iniisip mong ikaw ay nagdadalang-tao.
   (3) Kung ikaw ay may edad na.
   (4) Sa mga malapit sa mga allergy o mayroong kasaysayan ng allergy sa pamilya.
   (5) Kung ikaw ay isang taong dati nang nagkaroon ng mga allergic reaction sa mga gamot.
   (6) Ang mga taong may sumusunod na sintomas: mataas na lagnat, o hirap sa pag-ihi.
   (7) Sa mga nasuring may alinman sa sumusunod: alta presyon, sakit sa puso, diyabetis, glaucoma, sakit sa atay, sakit sa bato, pamamaga ng thyroid gland, lupus, o Sharp syndrome.
   (8) Iyong mga nagkaroon ng mga sumusunod na sakit:
   Isang gastroduodenal ulcer, idiopathic ulcerative colitis, o Crohn's disease.
2. Kung nakakaranas ka ng alinman sa sumusunod, agad na huminto sa paggamit ng gamot na ito at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko tungkol sa kalakip na ito.
   (1) Kapag lumitaw ang mga sumusunod na sintomas pagkatapos inumin ang gamot na ito.

| Bahaging apektado | Mga Sintomas |
|---|---|
| Balat | Pantal, pamumula, o pangangati |
| Digestive system | Pagduduwal, pagsusuka, walang gana, pananakit ng tiyan, pagkasira ng tiyan, kabag, heartburn, o pananakit ng sikmura |
| Nervous system | Pagkahilo |
| Iba pa | Malabong paningin, matining na tunog sa tenga, hirap sa pag-ihi, plema, o pagkamanhid sa iyong katawan |

Ang mga sumusunod na seryosong sintomas ay maaaring bihirang mangyari. Kung mayroon ka ng mga sintomas na ito, kumunsulta agad sa doktor.

| Pangalan ng sintomas | (Mga) Tanda ng sintomas |
|---|---|
| Pagkagulat (anaphylaxis) | Pamumutla ng mukha, panlalamig ng mga kamay at paa, labis na pagpapawis nang malamig, labis na pamamantal, nakakaranas ng pamamanas, o hirap sa paghinga pagkatapos na uminom ng gamot na ito. |
| Stevens-Johnson syndrome<br><br>Toxic epidermal necrolysis (Lyell's syndrome) | Kabilang sa mga malalang palantandaan: pamamantal, pamumula ng balat, ang paglitaw ng mga paltos sa balat na parang nalapnos, bibig, o sa paligid ng mga mata. |
| Sakit sa atay | Labis na pagkapagod o jaundice (paninilaw ng balat o mga mata). |
| Pagpalya ng bato | Ang pagbaba ng dami ng ihi, pamamaga ng katawan, pangkalahatang depresyon, pagsusuka, dugo sa ihi, o albumin sa ihi. |
| Aseptic meningitis | Kabilang ang: nakikitaan ng matinding pananakit ng ulo, lagnat, pagkahilo / pagsusuka. (Para sa mga sintomas, madalas na nauulat ang mga iyon sa mga pasyenteng ginagamot para sa lupus o halu-halong mga karamdaman sa connective tissue). |
| Interstitial pneumonia | Kabilang ang: pagkahapo, hirap sa paghinga, o dry cough.<br>(Kung ang mga sintomas na ito, ay pareho sa ilang nakita sa pagkakaroon ng sipon, ay mas lumalala, huminto sa pag-inom ng gamot na ito at kumunsulta sa iyong doktor sa lalong madaling panahon kung ikaw ay.) |
| May hika | |

(2) Kapag hindi bumuti ang iyong mga sintomas kahit uminom ka ng gamot nang 5-6 na beses.

(Sa partikular, kung nagpatuloy ang iyong lagnat nang higit sa tatlong araw.)

3. Ang mga sumusunod na sintomas ay maaaring mangyari paminsan-minsan. Kung ang mga sintomas na ito ay nagpatuloy o nadagdagan, huwag ipagpatuloy ang gamot na ito at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko:

   Empatso, pagtatae, o panunuyo ng bibig.

## Mga Pag-iingat na Pamparmasyutiko at sa Pag-iimbak:

(1) Tiyaking palaging mahigpit at nakatakip at iimbak ang gamot sa tuyo at malamig na lugar na malayo mula sa nasisinagan ng araw.

(2) Ilayo mula sa mga bata.

(3) Huwag ilagay ang produktong ito sa isa pang lalagyan. (Maaari mawalan ito ng bisa o magbago ang kalidad nito.)

(4) Huwag gamitin ang produktong ito pagkatapos ng expiration date.

出典 製造販売元 エスエス製薬株式会社
発行 （社）神奈川県薬剤師会

# Pangalan ng produkto: PABRON ACE AX <Tableta>（パブロンエースAX 錠 <錠剤>）

<u>※Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.</u>

## Buod ng produkto

[Gamit]

Pagpawi ng maraming mga sintomas ng sipon: lagnat, panginginig, ubo, plema, pamamaga ng lalamunan, uhog, pagbabara ng ilong, pagbahing, pananakit ng ulo, pananakit ng kasu-kasuan, at pananakit ng kalamnan.

[Mga Sangkap at Epekto]

Kabilang ang mga sumusunod na sangkap sa 3 tableta (nag-iisang dosis).

| Aktibong Sangkap | Nilalaman | Epekto |
|---|---|---|
| Ibuprofen | 150mg | Pinapababa ang lagnat, at nakakatulong na mapawi ang: mga pananakit ng ulo, pamamaga ng lalamunan, at kirot. |
| Ambroxol Hydrochloride | 15mg | Tumutulong na labanan ang sanhi ng paulit-ulit na pag-ubo. |
| Dihydrocodeine Phosphate | 8mg | Kinokontrol ang pag-ubo, umeepekto sa pinakasanhi nito. |
| dl-Methylephedrine Hydrochloride | 20mg | Pinapalawak ang bronchi (pinadadali ang paghinga) at tumutulong na pigilan ang pag-ubo. |
| Chlorpheniramine Maleate | 2.5mg | Pinapawi ang pagbahing, runny nose, at pagbabara. |
| Anhydrous Caffeine | 25mg | Tumutulong na mapawi ang mga pananakit ng ulo. |
| Ascorbic Acid (bitamina C) | 166.7mg | Para sa muling pagdaragdag ng bitaminang ito, na madaling maubos kapag mayroon kang sipon. |
| Thiamine Nitrate (bitamina B1 Nitrate) | 8mg | |
| Riboflavin (bitamin B2) | 4mg | |

[Dosis at Paggamit]

Inumin ang mga tableta 3 beses sa isang araw sa loob ng 30 minuto pagkatapos kumain.

| Edad | Isang dosis |
|---|---|
| Nasa wastong edad (15 taong gulang o higit pa) | 3 tabletas |
| Mas bata sa 15 taong gulang | Huwag uminom ng gamot na ito. |

<u><Mga Babala sa Dosis at Paggamit></u>

- Mangyaring eksaktong sundin ang tinukoy na dosis at mga direksyon sa paggamit.
- Paano alisin ang tableta mula sa pakete:
  Upang alisin ang tableta mula sa PTP sheet, itulak nang dahan-dahan ang tableta palabas ng aluminum foil. (Maging maingat na huwag malulon ang anumang bahagi ng PTP sheet, dahil maaaring may mangyaring hindi inaasahang mga aksidente kapag ginawa ito, tulad ng pagbara sa lalamunan ng piraso ng aluminum foil.)

## Mga Pag-iingat para sa Paggamit

Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

■ Ano ang hindi dapat gawin

(Ang pagkabigong sundin ang mga babalang ito ay maaaring humantong sa paglala ng mga sintomas at madagdagan ang peligro ng mga nakakasamang epekto.)

1. Hindi dapat uminom ng gamot na ito ang mga sumusunod na tao:

(1) Iyong mga may allergic reaction sa gamot na ito.

(2) Iyong mga nagkaroon ng pag-atake ng hika matapos na inumin ang gamot na ito o iba pang mga gamot sa sipon tulad ng: mga pampababa ng lagnat o painkiller.

(3) Iyong mga mas bata sa 15 taong gulang ay hindi dapat gumamit ng gamot na ito.

2. Kapag umiinom ng gamot na ito, tiyaking huwag uminom ng mga sumusunod na gamot:
   Iba pang mga gamot sa sipon, mga pampababa ng lagnat, mga pampakalma, mga pampigil sa ubo, o anumang mga gamot na iniinom na naglalaman ng antihistamine, hal., mga gamot na iniinom para sa runny nose, mga pildoras para sa pagkahilo sa biyahe, o mga paggamot sa allergy.
3. Mangyaring huwag magpatakbo ng sasakyan o makinarya pagkatapos uminom ng gamot na ito.
   (Ang gamot na ito ay maaaring makapagpaantok sa iyo o makaapekto ng iyong paningin.)
4. Ang mga kababaihang nagpapasuso ay hindi dapat uminom ng gamot na ito. Kung iinom ka ng gamot na ito, mangyaring huminto sa pagpapasuso ng inyong anak.
5. Mangyaring huminto sa pag-inom ng mga inuming nakalalasing kapag umiinom ng gamot na ito.
6. Mangyaring huwag uminom ng gamot na ito nang higit sa 5 araw.

■ Tiyaking:

1. Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko bago gamitin ang gamot na ito kung naaangkop sa iyo ang anuman sa sumusunod:
   (1) Kasalukuyan kang sumasailalim sa paggamot ng doktor o dentista
   (2) Kung ikaw ay o iniisip mong ikaw ay nagdadalang-tao.
   (3) Kung ikaw ay may edad na.
   (4) Iyong mga malapit sa mga allergy o mayroong kasaysayan ng allergy sa pamilya.
   (5) Kung ikaw ay isang taong dati nang nagkaroon ng mga allergic reaction sa mga gamot.
   (6) Ang mga taong may sumusunod na sintomas: mataas na lagnat, o hirap sa pag-ihi.
   (7) Sa mga nasuring may anuman sa sumusunod: alta presyon, sakit sa puso, diyabetis, glaucoma, sakit sa atay, sakit sa bato, pamamaga ng thyroid gland, lupus, o Sharp syndrome.
   (8) Iyong mga nagkaroon ng mga sumusunod na sakit:
   Gastroduodenal ulcer, idiopathic ulcerative colitis, o Crohn's disease.
2. Kung nakakaranas ka ng anuman sa sumusunod, agad na huminto sa paggamit ng gamot na ito at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko tungkol sa kalakip na ito.
   (1) Kapag lumitaw ang mga sumusunod na sintomas pagkatapos inumin ang gamot na ito.

| Bahaging apektado | Mga Sintomas |
|---|---|
| Balat | Pantal, pamumula, o pangangati |
| Digestive system | Pagduduwal, pagsusuka, walang gana, pananakit ng tiyan, pagkasira ng tiyan, kabag, heartburn, o pananakit ng sikmura |
| Nervous system | Pagkahilo, o pamamanhid sa iyong katawan |
| Iba pa | Malabong paningin, matining na tunog sa tenga, hirap sa pag-ihi, pamamanas |

Ang mga sumusunod na seryosong simtomas ay maaaring bihirang mangyari. Kung mayroon ka ng mga sintomas na ito, kumunsulta agad sa doktor.

| Pangalan ng sintomas | (Mga) Tanda ng sintomas |
|---|---|
| Pagkagulat (anaphylaxis) | Pamumutla ng mukha, panlalamig ng mga kamay at paa, labis na pagpapawis nang malamig, labis na pamamantal, nakakaranas ng pamamanas, o hirap sa paghinga pagkatapos na uminom ng gamot na ito. |
| Stevens-Johnson syndrome<br><br>Toxic epidermal necrolysis (Lyell's syndrome) | Kabilang sa mga malalang palantandaan ang: pamamantal, pamumula ng balat, ang paglitaw ng mga paltos sa balat na parang nalapnos, bibig, o sa paligid ng mga mata. |
| Sakit sa atay | Labis na pagkapagod o jaundice (paninilaw ng balat o mga mata). |
| Pagpalya ng bato | Ang pagbaba ng dami ng ihi, pamamaga ng katawan, pangkalahatang karamdaman, pagsusuka, dugo sa ihi, o albumin sa ihi. |
| Aseptic meningitis | Kabilang ang: lumilitaw ang matinding pananakit ng ulo, lagnat, pagkahilo / pagsusuka. (Para sa mga sintomas, madalas na nauulat ang mga iyon sa mga pasyenteng ginagamot para sa lupus o halo-halong mga karamdaman sa connective tissue). |
| Interstitial pneumonia | Kabilang ang: pagkahapo, hirap sa paghinga, o dry cough. (Kung ang mga sintomas na ito, ay pareho sa ilang nakita sa pagkakaroon ng sipon, na mas lumalala huminto sa pag-inom ng gamot na ito at kumunsulta sa iyong doktor sa lalong madaling panahon kung ikaw ay.) |
| May hika | |

(2) Kapag hindi bumuti ang iyong mga sintomas kahit uminom ka ng gamot nang 5-6 na beses.

(Sa partikular, kung nagpatuloy ang iyong lagnat nang higit sa tatlong araw.)

3. Ang mga sumusunod na sintomas ay maaaring mangyari paminsan-minsan. Kung ang mga sintomas na ito ay nagpatuloy o nadagdagan, huwag ipagpatuloy ang gamot na ito at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko:

   Empatso, pagtatae, o panunuyo ng bibig.

4. Kapag umiinom ng gamot na ito, maaaring magkulay-dilaw ang iyong ihi. Ito ay dahil sa nilalamang bitamina B2 ng gamot na ito.

## Mga Pag-iingat na Pangparmasyutiko at sa Pag-iimbak:

(1) Tiyaking palaging mahigpit ang takip at iimbak ang gamot sa tuyo at malamig na lugar na malayo mula sa nasisinagan ng araw.

(2) Ilayo mula sa mga bata.

(3) Huwag ilagay ang produktong ito sa isa pang lalagyan. (Maaari mawala ito ng bisa o magbago ang kalidad nito.)

(4) Huwag gamitin ang produktong ito pagkatapos ng expiration date. Huwag gamitin ang produktong ito nang higit sa 6 na buwan pagkatapos na mabuksan ito, kahit na bago ang expiration date (upang matiyak ang kalidad ng produkto).

出典　大正製薬株式会社
発行　（社）神奈川県薬剤師会

# Pangalan ng produkto: PABRON ACE AX <Particle>（パブロンエースAX<微粒>）

※Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

## Buod ng produkto

[Gamit]

Pagpawi ng maraming mga sintomas ng sipon: lagnat, panginginig, ubo, plema, pamamaga ng lalamunan, uhog, pagbabara ng ilong, pagbahing, pananakit ng ulo, pananakit ng kasu-kasuan, at pananakit ng kalamnan.

[Mga Sangkap at Epekto]

Kabilang ang mga sumusunod na sangkap sa 1 package(1.3g).

| Aktibong Sangkap | Nilalaman | Epekto |
|---|---|---|
| Ibuprofen | 150mg | Pinababa ang lagnat, at nakakatulong na mapawi ang: mga pananakit ng ulo, pamamaga ng lalamunan, at pananakit. |
| Ambroxol Hydrochloride | 15mg | Tumutulong na labanan ang sanhi ng tuluy-tuloy na pag-ubo. |
| Dihydrocodeine Phosphate | 8mg | Kinokontrol ang pag-ubo, umeepekto sa pinagmulang sanhi. |
| dl-Methylephedrine Hydrochloride | 20mg | Pinalalawak ang bronchi (pinadadali ang paghinga) at nakakatulong na pigilan ang pag-ubo. |
| Chlorpheniramine Maleate | 2.5mg | Pinapawi ang pagbahing, runny nose, at pagbabara. |
| Anhydrous Caffeine | 25mg | Nakakatulong na mapawi ang mga pananakit ng ulo. |
| Ascorbic Acid (vitamin C) | 166.7mg | Para sa muling pagdaragdag ng bitaminang ito, na madaling maubos kapag mayroon kang sipon. |
| Thiamine Nitrate (vitamin B1 Nitrate) | 8mg | |
| Riboflavin (vitamin B2) | 4mg | |

[Dosis at Paggamit]

Inumin ang 1 package nang 3 beses sa isang araw sa loob ng 30 minuto pagkatapos kumain.

| Edad | Isang dosis |
|---|---|
| Nasa wastong edad (15 taong gulang o mas matanda) | 1 pakete |
| Mas bata sa 15 taong gulang | Huwag inumin ang gamot na ito. |

<Mga Babala sa Dosis at Paggamit>

- Mangyaring eksaktong sundin ang tunukoy na mga direksyon sa dosis at paggamit.

## Mga Pag-iingat para sa Paggamit

Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na pag-iingat bago gamitin ang produktong ito.

■ Ano ang hindi dapat gawin

(Ang pagkabigong sundin ang mga babalang ito ay maaaring humantong sa paglala ng mga sintomas at pagtaas ng peligro ng nakakasamang epekto .)

1. Hindi dapat uminom ng gamot na ito ang sumusunod na mga tao:

(1) Iyong mga may allergic reaction sa gamot na ito.

(2) Iyong mga nagkaroon ng pag-atake ng hika matapos na inumin ang gamot na ito o iba pang mga gamot sa sipon tulad ng: mga pampababa ng lagnat o painkiller.

(3) Iyong mga mas bata sa 15 taong gulang ay hindi dapat gumamit ng gamot na ito.

2. Kapag umiinom ng gamot na ito, tiyaking huwag uminom ng mga sumusunod na gamot:
   Iba pang mga gamot sa sipon, pampababa ng lagnat, pampakalma, pampigil sa ubo, o anumang mga gamot na iniinom na naglalaman ng antihistamine, hal., mga gamot na iniinom para sa runny nose, mga pildoras para sa pagkahilo sa biyahe, o mga paggamot sa allergy.
3. Mangyaring huwag magpatakbo ng sasakyan o makinarya pagkatapos uminom ng gamot na ito.
   (Ang gamot na ito ay maaaring makapagpaantok sa iyo o makaapekto sa iyong paningin.)
4. Ang mga kababaihang nagpapasuso ay hindi dapat uminom ng gamot na ito. Kung iinom ka ng gamot na ito, mangyaring huminto sa pagpapasuso ng inyong anak.
5. Mangyaring huminto sa pag-inom ng mga inuming nakalalasing kapag umiinom ng gamot na ito.
6. Mangyaring huwag uminom ng gamot na ito nang higit sa 5 araw.

■ Tiyaking:

1. Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko bago gamitin ang gamot na ito kung naaangkop sa iyo ang alinman sa sa mga sumusunod:
   (1) Kasalukuyan kang sumasailalim sa paggamot ng doktor o dentista
   (2) Kung ikaw ay o iniisip mong ikaw ay nagdadalang-tao.
   (3) Kung ikaw ay may edad na.
   (4) Sa mga malapit sa mga allergy o mayroong kasaysayan ng allergy sa pamilya.
   (5) Kung ikaw ay isang taong dati nang nagkaroon ng mga allergic reaction sa mga gamot.
   (6) Ang mga taong may sumusunod na sintomas: mataas na lagnat, o hirap sa pag-ihi.
   (7) Sa mga nasuring may alinman sa sumusunod: alta presyon, sakit sa puso, diyabetis, glaucoma, sakit sa atay, sakit sa bato, pamamaga ng thyroid gland, lupus, o Sharp syndrome.
   (8) Iyong mga nagkaroon ng mga sumusunod na sakit:
   Isang gastroduodenal ulcer, idiopathic ulcerative colitis, o Crohn's disease.
2. Kung nakakaranas ka ng alinman sa sumusunod, agad na huminto sa paggamit ng gamot na ito at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko tungkol sa kalakip na ito.
   (1) Kapag ang mga sumusunod na sintomas ay lumitaw pagkatapos na gamitin ang gamot na ito, tumigil sa pag-inom ng gamot at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko:

| Bahaging apektado | Mga Sintomas |
|---|---|
| Balat | Pantal, pamumula, o pangangati |
| Digestive system | Pagduduwal, pagsusuka, walang gana, pananakit ng tiyan, pagkasira ng tiyan, kabag, heartburn, o pananakit ng sikmura |
| Nervous system | Pagkahilo, o pamamanhid sa iyong katawan |
| Iba pa | Malabong paningin, matining na tunog sa tenga, hirap sa pag-ihi, pamamanas |

Ang mga sumusunod na seryosong sintomas ay maaaring bihirang mangyari. Kung mayroon ka ng mga sintomas na ito, kumunsulta agad sa doktor.

| Pangalan ng sintomas | (Mga) Tanda ng sintomas |
|---|---|
| Pagkagulat (anaphylaxis) | Pamumutla ng mukha, panlalamig ng mga kamay at paa, labis na pagpapawis nang malamig, labis na pamamantal, nakakaranas ng pamamanas, o hirap sa paghinga pagkatapos na uminom ng gamot na ito. |
| Stevens-Johnson syndrome<br><br>Toxic epidermal necrolysis (Lyell's syndrome) | Kabilang sa mga malalang palantandaan: pamamantal, pamumula ng balat, ang paglitaw ng mga paltos sa balat na parang nalapnos, bibig, o sa paligid ng mga mata. |
| Sakit sa atay | Labis na pagkapagod o jaundice (paninilaw ng balat o mga mata). |
| Pagpalya ng bato | Ang pagbaba ng dami ng ihi, pamamaga ng katawan, pangkalahatang depresyon, pagsusuka, dugo sa ihi, o albumin sa ihi. |
| Aseptic meningitis | Kabilang ang: paglitaw ng isang matinding pananakit ng ulo, lagnat, pagkahilo/ pagsusuka. Gaya ng mga sintomas na ito, madalas na napapaulat ito sa mga pasyenteng ginamot para sa lupus o mixed connective tissue disease. |
| Interstitial pneumonia | Kabilang ang: pagkahapo, hirap sa paghinga, o dry cough. (Kung ang mga sintomas na ito, ay pareho sa ilang nakita sa pagkakaroon ng sipon, ay mas lumalala, huminto sa pag-inom ng gamot na ito at kumunsulta sa iyong doktor sa lalong madaling panahon kung ikaw ay.) |
| May hika | |

(2) Kapag hindi bumuti ang iyong mga sintomas kahit uminom ka ng gamot nang 5-6 na beses. (Sa partikular, kung nagpatuloy ang iyong lagnat nang higit sa tatlong araw.)

3. Ang mga sumusunod na sintomas ay maaaring mangyari paminsan-minsan. Kung ang mga sintomas na ito ay nagpatuloy o nadagdagan, huwag ipagpatuloy ang gamot na ito at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko:

   Empatso, pagtatae, o panunuyo ng bibig.

4. Kapag umiinom ng gamot na ito, maaaring magkulay dilaw ang iyong ihi.

   Ito ay dahil sa nilalamang bitamina B2 ng gamot na ito.

**Mga Pag-iingat na Pamparmasyutiko at sa Pag-iimbak:**

(1) Tiyaking palaging mahigpit ang takip at iimbak ang gamot sa tuyo at malamig na lugar na malayo mula sa nasisinagan ng araw.

(2) Ilayo mula sa mga bata.

(3) Huwag ilagay ang produktong ito sa isa pang lalagyan. (Maaari mawalan ito ng bisa o magbago ang kalidad nito.)

(4) Huwag gamitin ang produktong ito pagkatapos ng expiration date.

出典 大正製薬株式会社
発行 （社）神奈川県薬剤師会

# Pangalan ng produkto: GASTER10 <Pulbos>（ガスター10 ＜散＞）

※Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

## Buod ng produkto

[Gamit]

Pagpawi ng mga sintomas tulad ng pananakit ng tiyan, heartburn, at pagkahilo.

<Mga Pag-iingat sa Paggamit>

Huwag gamitin ang gamot na ito para sa mga sintomas bukod sa mga ipinahiwatig sa itaas.

[Mga Sangkap at Epekto]

Ang sumusunod na sangkap ay kasama sa isang pakete（0.5g.)

| Sangkap | Dami | Epekto |
|---|---|---|
| Famotidine | 10mg | Tumutulong ang gamot na ito na kontrolin ang gastric acid. |

[Dosis at Paggamit]

- Mangyaring inumin ang gamot na ito nang may malamig o maligamgam na tubig ayon sa mga sumusunod:

| Edad | Dosis | Bilang ng dosis sa isang araw |
|---|---|---|
| Mga nasa wastong edad (15 taong gulang o mas matanda at mas bata sa 80 taong gulang) | 1 pakete | Maximum ng 2 |
| Mga bata (mas mababa sa 15 taong gulang) | Huwag uminon ng gamot na ito. | |
| Mga nakatatanda (edad 80 at higit pa) | | |

Hindi dapat na inumin ang gamot na ito sa isang pirmihang iskedyul, ngunit kapag lumilitaw lamang ang mga sintomas.

Maaari mong inumin ang gamot na ito anumang oras ng pagkain (ibig sabihin, parehong ayos lang ang bago at pagkatapos kumain).

Kapag umiinom ng gamot na ito nang 2 beses sa isang araw, dapat kang maghintay ng 8 oras bago uminom nang pangalawang beses dahil nagtatagal ang epekto nito ng 8 oras.

- Mangyaring eksaktong sundin ang tinukoy na dosis at paggamit.
- Kung hindi bumuti ang iyong mga sintomas pagkalipas ng 8 oras, uminom ng l pang pakete.
- Kung bumuti na ang mga sintomas, itigil ang pag-inom ng gamot na ito.
- Kung hindi bumuti ang iyong mga sintomas pagkatapos na uminom ng gamot na ito nang 3 araw, itigil ang pag-inom nito at kumunsulta sa isang doktor o isang parmasyutiko.
- Mangyaring iwasan ang patuloy na paggamit nang higit sa 2 linggo.

<Mga Babala sa Dosis at Paggamit>

(1) Mangyaring huminto sa pag-inom ng alkohol kapag umiinom ng gamot na ito.
(Sa pangkalahatan, huwag uminom ng gamot kasabay ng anumang mga inuming nakalalasing).

## Mga Pag-iingat para sa Paggamit

Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

■ Ano ang hindi dapat gawin

(Ang pagkabigong sundin ang mga babalang ito ay maaaring humantong sa paglala ng mga sintomas at pagtaas ng peligro ng masamang epekto.)

1. Hindi dapat uminom ng gamot na ito ang mga sumusunod na tao:

(1) Iyong mga dati nang nagkaroon ng allergic reaction sa gamot na ito (hal. pamamantal, pamumula, pangangati, pamamaga ng lalamunan, talukap ng mata, o labi) o mga gamot na naglalaman ng mga H2 blocker tulad ng Famotidine.

(2) Iyong mga nakatanggap ng paggagamot para sa mga sumusunod na karamdaman:
Karamdaman sa dugo, karamdaman sa bato o atay, karamdaman sa puso, gastro-duodenal disease, at mga karamdamang immunological tulad ng hika, rayuma, o niresetahan ng mga steroid, antibiotic, anticancer agent, o antifungal na azole-based. (Maaaring maganap ang mga pagbaba ng mga leukocyte, WBC, o blood platelet).
Sa mga pasyenteng may karamdaman sa bato o atay, huli ang paglabas ng gamot mula sa katawan at maaaring mayroon itong malakas na epekto dito.
Sa mga pasyenteng may karamdaman sa puso tulad ng myocardial infarction, heart valve disease, o myocardial disease (cardiomyopathy), maaaring maganap ang pulse disorder na may abnormaliadad sa ECG (electrocardiographic).
Para sa mga tumatanggap ng paggagamot para sa gastro-duodenal disease, maaaring ireseta ang Famotidine, o kaparehong mga gamot. Gayunpaman, iwasan ang sabay na paggamit ng mga magkakaparehong gamot.
Ang pagkuha ng mga antifungal na azole-based ay magbabawas sa pagiging epektibo ng gamot na ito.

(3) Iyong mga naabisuhan ng doktor tungkol sa pagkakaroon ng abnormal na dugo (dysemia); kaunting mga red blood corpuscle (anemia), kaunting mga platelet, o mababang bilang ng mga leukocyte.(Maaaring magsanhi ang gamot na ito ng paulit-ulit na pagiging abnormal ng dugo).

(4) Mga bata (sa ilalim ng 15 taong gulang) at mga nakatatanda (80 taon at higit pa).

(5) Iyong mga o iniisip na nagdadalang tao at mga babaeng nagpapasuso.

2. Huwag uminom ng mga sumusunod na mga gamot habang umiinom ng gamot na ito:
iba pang mga gastrointestinal agent.

■ Tiyaking:

1. Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko bago gamitin ang gamot na ito kung naaangkop sa iyo ang anuman sa sumusunod:

(1) Kasalukuyan kang sumasailalim sa paggamot ng doktor o dentista

(2) Iyong mga malapit sa mga allergy o mayroong kasaysayan ng allergy sa pamilya.

(3) Ikaw ay isang taong dati nang nagkaroon ng mga allergic reaksyon sa mga gamot.

(4) Mga may edad na (65 taon at higit pa).
(Ang mga nakatatanda ay kadalasang mayroong nabawasang paggana na physiological).

(5) Sa mga mayroon ng mga sumusunod na sintomas: pamamaga ng lalamunan, pag-ubo, o mataas na lagnat.
(Sa mga pasyenteng may mga naturang sakit, posible ang isang seryosong impeksyon at maaaring maobserbahan ang pagkakaroon ng abnormal na dugo tulad ng nabawasang mga hemocyte. Kung mayroon nang sakit ang tao bago inumin ang gamot, maaari nitong palalain ang sakit, na humahantong sa naantalang pagkakita ng nakasasamang epekto sa paggagamot).
Pagbaba ng timbang sa hindi alam na dahilan, paulit-ulit na kirot sa sikmura.
(Ang mga sintomas ay maaaring sanhi ng isa pang karamdaman).

2. Kapag ang mga sumusunod na sintomas ay naganap pagkatapos na gamitin ang gamot na ito, tumigil sa pag-inom ng gamot at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko gamit ang kalakip na ito:

(1) Kapag lumitaw ang mga sumusunod na sintomas pagkatapos gamitin ang gamot na ito:

| Lugar sa katawan | (Mga) Sintomas |
|---|---|
| Balat | pamamantal, pamumula, pangangati, o pamamaga |
| Circulatory system | iregular na tibok ng puso |
| Nervous system | pagkawala ng malay o mga kombulsyon |
| Iba pa | maaaring sumama ang pakiramdam mo, o manghina, magkaroon ng mataas na lagnat, o maaaring lumala ang kondisyon ng iyong katawan sa pangkalahatan. |

Ang mga sumusunod na seryosong sintomas ay maaaring bihirang mangyari. Kung mayroon ka ng mga sintomas na ito, kumunsulta agad sa doktor.

| Pangalan ng sintomas | Mga tanda ng sintomas |
|---|---|
| Pagkagulat (anaphylaxis) | Pamumutla ng mukha, panlalamig ng mga kamay at paa, labis na pagpapawis nang malamig, labis na pamamantal, nakakaranas ng pamamanas, o hirap sa paghinga pagkatapos uminom ng gamot na ito. |
| Stevens-Johnson syndrome<br><br>Toxic epidermal necrolysis (Lyell's syndrome) | Kabilang sa mga malalang palantandaan ang: pamamantal, pamumula ng balat, ang paglitaw ng mga paltos na parang nalapnos sa balat, bibig, o sa paligid ng mga mata. |
| Rhabdomyolysis (Isang karamdaman kung saan natutunaw ang skeletal muscle.) | Mga pangkalusugang pananakit ng skeletal muscle at paninigas. Nagiging mamula-mula ang ihi. |
| Sakit sa atay | Labis na pagkapagod o jaundice (paninilaw ng balat o mga mata). |
| Pagpalya ng bato | Ang pagbaba ng dami ng ihi, pamamaga ng katawan, pangkalahatang karamdaman, pagsusuka, dugo sa ihi, o albumin sa ihi. |
| Sakit sa dugo | Mga tanda tulad ng pamamaga ng lalamunan, lagnat, pangkalahatang sama ng pakiramdam, pamumuti ng kulay at posibilidad ng pagkakaroon ng pagdugo sa likod ng mga talukap ng mata (pagdurugo ng mga gilagid, ilong, atbp,) o paglitaw ng mga asul na sugat. |

(2) Kapag umiinom ng gamot nang mahigit sa idinirektang dosis.

3. Ang mga sumusunod na sintomas ay maaaring mangyari paminsan-minsan. Tiyaking itigil ang pag-inom ng gamot na ito at kumunsulta sa isang doktor o parmasyutiko.
Empatso, malambot na dumi, pagtatae, o pagka-dehydrate.

## Mga Pag-iingat na Pangparmasyutiko at sa Pag-iimbak:

(1) Tiyaking palaging mahigpit ang takip at iimbak ang gamot sa tuyo at malamig na lugar na malayo sa direktang sinag ng araw.

(2) Ilayo mula sa mga bata.

(3) Huwag ilagay ang produktong ito sa isa pang lalagyan. (Maaari mawala ito ng bisa o magbago ang kalidad nito.)

(4) Huwag gamitin ang produktong ito pagkatapos ng expiration date.

出典 Daiichi-Sankyo 製造販売元 第一三共ヘルスケア株式会社
発行 （社）神奈川県薬剤師会

# Pangalan ng produkto: GASTER10 <Tableta>（ガスター10 ＜錠＞）

※Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

## Buod ng produkto

[Gamit]

Pagpawi ng mga sintomas tulad ng pananakit ng tiyan, heartburn, at pagkahilo.

<Mga Pag-iingat sa Paggamit>

Huwag gamitin ang gamot na ito para sa mga sintomas bukod sa mga isinaad sa itaas.

[Mga Sangkap at Epekto]

Ang sumusunod na sangkap ay kasama sa isang tableta.

| Sangkap | Dami | Epekto |
|---|---|---|
| Famotidine | 10mg | Tumutulong ang gamot na ito na kontrolin ang gastric acid. |

[Dosis at Paggamit]

- Mangyaring inumin ang gamot na ito nang may malamig o maligamgam na tubig tulad ng mga sumusunod:

| Edad | Dosis | Bilang ng dosis sa isang araw |
|---|---|---|
| Mga nasa wastong edad (15 taong gulang o mas matanda at mas bata sa 80 taong gulang) | 1 tableta | Maximum ng 2 |
| Mga bata (mas mababa sa 15 taong gulang) | Huwag uminom ng gamot na ito. | |
| Mga nakatatanda (edad 80 at higit pa) | | |

Hindi dapat na inumin ang gamot na ito sa isang pirmihang iskedyul, ngunit kapag lumilitaw lamang ang mga sintomas.

Maaari mong inumin ang gamot na ito anumang oras ng pagkain (ibig sabihin, parehong ayos lang ang bago at pagkatapos kumain).

Kapag umiinom ng gamot na ito nang 2 beses sa isang araw, dapat kang maghintay ng 8 oras bago uminom nang pangalawang beses dahil nagtatagal ang epekto nito ng 8 oras.

- Mangyaring eksaktong sundin ang tinukoy na dosis at paggamit.
- Kung hindi bumuti ang iyong mga sintomas pagkalipas ng 8 oras, uminom ng l pang tableta.
- Kung bumuti na ang mga sintomas, itigil ang pag-inom ng gamot na ito.
- Kung hindi bumuti ang iyong mga sintomas pagkatapos na uminom ng gamot na ito nang 3 araw, itigil ang pag-inom nito at kumunsulta sa isang doktor o isang parmasyutiko.
- Mangyaring iwasan ang patuloy na paggamit nang higit sa 2 linggo.

<Mga Babala sa Dosis at Paggamit>

(1) Mangyaring huminto sa pag-inom ng alkohol kapag umiinom ng gamot na ito.
(Sa pangkalahatan, huwag uminom ng gamot kasabay ng anumang mga inuming nakalalasing).

(2) Paano alisin ang mga tableta mula sa pakete
Upang alisin ang tableta mula sa PTP sheet, itulak nang dahan-dahan ang tableta palabas ng aluminum foil. (Maging maingat na huwag malulon ang anumang bahagi ng PTP sheet, dahil maaaring may mangyaring hindi inaasahang mga aksidente kapag ginawa ito, tulad ng pagbara sa lalamunan ng piraso ng aluminum foil.)

## Mga Pag-iingat para sa Paggamit

Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

■ Ano ang hindi dapat gawin

(Ang pagkabigong sundin ang mga babalang ito ay maaaring humantong sa paglala ng mga sintomas at madagdagan ang peligro ng mga nakakasamang epekto.)

1. Hindi dapat uminom ng gamot na ito ang mga sumusunod na tao:

(1) Iyong mga dati nang nagkaroon ng allergic reaction sa gamot na ito (hal. pamamantal, pamumula, pangangati, pamamaga ng lalamunan, talukap ng mata, o labi) o mga gamot na naglalaman ng mga H2 blocker tulad ng Famotidine.

(2) Iyong mga nakatanggap ng paggagamot para sa mga sumusunod na karamdaman:
Karamdaman sa dugo, karamdaman sa bato o atay, karamdaman sa puso, gastro-duodenal disease, at mga karamdamang immunological tulad ng hika, rayuma, o niresetahan ng mga steroid, antibiotic, anticancer agent, o antifungal na azole-based. (Maaaring maganap ang mga pagbaba ng mga leukocyte, WBC, o blood platelet).
Sa mga pasyenteng may karamdaman sa bato o atay, huli na ang paglabas ng gamot at maaaring mayroon itong malakas na epekto dito.
Sa mga pasyenteng iyon na may karamdaman sa puso tulad ng myocardial infarction, heart valve disease, o myocardial disease (cardiomyopathy), maaaring maganap ang pulse disorder na may abnormaliadad sa ECG (electrocardiographic).
Para sa mga tumatanggap ng panggagamot para sa gastro-duodenal disease, maaaring ireseta ang Famotidine, o kaparehong mga gamot. Gayunpaman, iwasan ang sabay na paggamit ng mga magkakaparehong gamot.
Ang pagkuha ng mga antifungal na azole-based ay magbabawas sa pagiging epektibo ng gamot na ito.

(3) Iyong mga naabisuhan ng doktor tungkol sa pagkakaroon ng abnormal na dugo (dysemia); kaunting mga red blood corpuscle (anemia), kaunting mga platelet, o mababang bilang ng mga leukocyte. (Maaaring magsanhi ang gamot na ito ng paulit-ulit na pagiging abnormal ng dugo) .

(4) Mga bata (sa ilalim ng 15 taong gulang) at mga nakatatanda (80 taon at higit pa).

(5) Iyong mga o iniisip na nagdadalang tao at mga babaeng nagpapasuso.

2. Huwag uminom ng mga sumusunod na mga gamot habang umiinom ng gamot na ito:
Iba pang mga gastrointestinal agent.

■ Tiyaking:

1. Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko bago gamitin ang gamot na ito kung naaangkop sa iyo ang anuman sa sumusunod:

(1) Kasalukuyan kang sumasailalim sa paggamot ng doktor o dentista

(2) Iyong mga malapit sa mga allergy o mayroong kasaysayan ng allergy sa pamilya.

(3) Kung ikaw ay isang taong dati nang nagkaroon ng mga allergic reaction sa mga gamot.

(4) Mga may edad na (65 taon at higit pa).
(Mga nakatatandang madalas na mayroong nabawasang pagkilos na physiological).

(5) Sa mga mayroon ng mga sumusunod na sintomas: pamamaga ng lalamunan, pag-ubo, o mataas na lagnat.
(Sa mga pasyenteng may mga naturang sakit, posible ang isang seryosong impeksyon at maaaring maobserbahan ang pagkakaroon ng abnormal na dugo tulad ng nabawasang mga hemocyte. Kung mayroon nang sakit ang tao bago inumin ang gamot, maaari nitong palalain ang sakit, na humahantong sa naantalang pagkakita ng nakasasamang epekto sa panggagamot).
Pagbaba ng timbang sa hindi alam na dahilan, paulit-ulit na kirot.
(Ang mga sintomas ay maaaring sanhi ng isa pang karamdaman).

2. Kapag ang mga sumusunod na sintomas ay naganap pagkatapos na gamitin ang gamot na ito, tumigil sa pag-inom ng gamot at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko tungkol sa kalakip na ito:

(1) Kapag lumitaw ang mga sumusunod na sintomas pagkatapos gamitin ang gamot na ito:

| Lugar sa katawan | (Mga) Sintomas |
|---|---|
| Balat | pamamantal, pamumula, pangangati, o pamamaga |
| Circulatory system | iregular na tibok ng puso |
| Nervous system | pagkawala ng malay o mga kombulsyon |
| Iba pa | maaaring sumama ang pakiramdam mo, o manghina, magkaroon ng mataas na lagnat, o maaaring lumala ang kundisyon ng iyong katawan sa pangkalahatan. |

Ang mga sumusunod na seryosong simtomas ay maaaring bihirang mangyari. Kung mayroon ka ng mga sintomas na ito, kumunsulta agad sa doktor.

| Pangalan ng sintomas | Mga tanda ng sintomas |
|---|---|
| Pagkagulat (anaphylaxis) | Pamumutla ng mukha, panlalamig ng mga kamay at paa, labis na pagpapawis nang malamig, labis na pamamantal, nakakaranas ng pamamanas, o hirap sa paghinga pagkatapos na inumin ang gamot na ito. |
| Stevens-Johnson syndrome<br><br>Toxic epidermal necrolysis (Lyell's syndrome) | Kabilang sa mga malalang palantandaan ang: pamamantal, pamumula ng balat, ang paglitaw ng mga paltos sa balat na parang nalapnos, bibig, o sa paligid ng mga mata. |
| Rhabdomyolysis (Isang karamdaman kung saan natutunaw ang skeletal muscle.) | Mga pangkalusugang pananakit ng skeletal muscle at paninigas. Nagiging mamula-mula ang ihi. |
| Sakit sa atay | Labis na pagkapagod o jaundice (paninilaw ng balat o mga mata). |
| Pagpalya ng bato | Ang pagbaba ng dami ng ihi, pamamaga ng katawan, pangkalahatang karamdaman, pagsusuka, dugo sa ihi, o albumin sa ihi. |
| Sakit sa dugo | Mga tanda tulad ng pamamaga ng lalamunan, lagnat, pangkalahatang sama ng pakiramdam, pamumuti ng kulay at posibilidad ng pagkakaroon ng pagdugo sa likod ng mga talukap ng mata (pagdurugo ng mga gilagid, ilong, atbp,) o paglitaw ng mga asul na sugat. |

(2) Kapag umiinom ng gamot nang mahigit sa idinirektang dosis.

3. Ang mga sumusunod na sintomas ay maaaring mangyari paminsan-minsan. Tiyaking itigil ang pag-inom ng gamot na ito at kumunsulta sa isang doktor o parmasyutiko.

Empatso, malambot na dumi, pagtatae, o pagka-dehydrate.

## Mga Pag-iingat na Pangparmasyutiko at sa Pag-iimbak:

(1) Tiyaking palaging mahigpit ang takip at iimbak ang gamot sa tuyo at malamig na lugar na malayo sa direktang sinag ng araw.

(2) Ilayo mula sa mga bata.

(3) Huwag ilagay ang produktong ito sa isa pang lalagyan. (Maaari mawala ito ng bisa o magbago ang kalidad nito.)

(4) Huwag gamitin ang produktong ito pagkatapos ng expiration date.

出典　製造販売元 第一三共ヘルスケア株式会社
発行　（社）神奈川県薬剤師会

## Pangalan ng produkto: GASTER10 S Tableta （ガスター10S錠（じょう））

※Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

### Buod ng produkto

[Gamit]

Pagpawi ng mga sintomas tulad ng pananakit ng tiyan, heartburn, at pagkahilo.

<Mga Pag-iingat sa Paggamit>

- Huwag gamitin ang gamot na ito para sa mga sintomas bukod sa mga isinaad sa itaas.

[Mga Sangkap at Epekto]

Ang sumusunod na sangkap ay kasama sa isang tableta.

| Sangkap | Dami | Epekto |
|---|---|---|
| Famotidine | 10mg | Tumutulong ang gamot na ito na kontrolin ang gastric acid. |

[Dosis at Paggamit]

Mangyaring inumin ang gamot na ito nang may malamig o maligamgam na tubig tulad ng mga sumusunod:

| Edad | Dosis | Bilang ng dosis sa isang araw |
|---|---|---|
| Mga nasa wastong edad (15 taong gulang o mas matanda at mas bata sa 80 taong gulang) | 1 tableta | Maximum ng 2 |
| Mga bata (mas mababa sa 15 taong gulang) | Huwag uminom ng gamot na ito. | |
| Mga nakatatanda (edad 80 at higit pa) | | |

Hindi dapat na inumin ang gamot na ito sa isang pirmihang iskedyul, ngunit kapag lumilitaw lamang ang mga sintomas.
Maaari mong inumin ang gamot na ito anumang oras ng pagkain (ibig sabihin, parehong ayos lang ang bago at pagkatapos kumain).
Kapag umiinom ng gamot na ito nang 2 beses sa isang araw, dapat kang maghintay ng 8 oras bago uminom nang pangalawang beses dahil nagtatagal ang epekto nito ng 8 oras.

- Mangyaring eksaktong sundin ang tinukoy na dosis at paggamit.
- Kung hindi bumuti ang iyong mga sintomas pagkalipas ng 8 oras, uminom ng 1 pang tableta.
- Kung bumuti na ang mga sintomas, itigil ang pag-inom ng gamot na ito.
- Kung hindi bumuti ang iyong mga sintomas pagkatapos na uminom ng gamot na ito nang 3 araw, itigil ang pag-inom nito at kumunsulta sa isang doktor o isang parmasyutiko.
- Mangyaring iwasan ang patuloy na paggamit nang higit sa 2 linggo.

<Mga Babala sa Dosis at Paggamit>

(1) Dahil madaling natutunay ang gamot na ito sa bibig, ngunit hindi nakuha ng mucosa ng tiyan, mangyaring inumin ito nang may tubig. Dahil isa itong normal na tableta, maaari mo itong inumin nang may mainit o malamig na tubig. Hindi magbabago ang epekto.

(2) Mangyaring huminto sa pag-inom ng alkohol kapag umiinom ng gamot na ito.
(Sa pangkalahatan, huwag uminom ng gamot kasabay ng anumang mga inuming nakalalasing).

(3) Paano alisin ang mga tableta mula sa packaging
Tulad ng ipinapakita, upang alisin ang tableta mula sa PTP sheet, itulak nang dahan-dahan ang tableta palabas ng aluminum foil. (Maging maingat na huwag malulon ang anumang bahagi ng PTP sheet, dahil maaaring may mangyaring hindi inaasahang mga aksidente kapag ginawa ito, tulad ng pagbara sa lalamunan ng piraso ng aluminum foil.)

## Mga Pag-iingat para sa Paggamit

Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

■ Ano ang hindi dapat gawin

(Ang pagkabigong sundin ang mga babalang ito ay maaaring humantong sa paglala ng mga sintomas at madagdagan ang peligro ng mga nakakasamang epekto.)

1. Hindi dapat uminom ng gamot na ito ang mga sumusunod na tao:

(1) Iyong mga dati nang nagkaroon ng allergic reaction sa gamot na ito (hal. pamamantal, pamumula, pangangati, pamamaga ng lalamunan, talukap ng mata, o labi) o mga gamot na naglalaman ng mga H2 blocker tulad ng Famotidine.

(2) Iyong mga nakatanggap ng paggagamot para sa mga sumusunod na karamdaman:
Karamdaman sa dugo, karamdaman sa bato o atay, karamdaman sa puso, gastro-duodenal disease, at mga karamdamang immunological tulad ng hika, rayuma, o niresetahan ng mga steroid, antibiotic, anticancer agent, o antifungal na azole-based. (Maaaring maganap ang mga pagbaba ng mga leukocyte, WBC, o blood platelet).
Sa mga pasyenteng may karamdaman sa bato o atay, huli na ang paglabas ng gamot at maaaring mayroon itong malakas na epekto dito.
Sa mga pasyenteng iyon na may karamdaman sa puso tulad ng myocardial infarction, heart valve disease, o myocardial disease (cardiomyopathy), maaaring maganap ang pulse disorder na may abnormaliadad sa ECG (electrocardiographic).
Para sa mga tumatanggap ng panggagamot para sa gastro-duodenal disease, maaaring ireseta ang Famotidine, o kaparehong mga gamot. Gayunpaman, iwasan ang sabay na paggamit ng mga magkakaparehong gamot.
Ang pagkuha ng mga antifungal na azole-based ay magbabawas sa pagiging epektibo ng gamot na ito.

(3) Iyong mga naabisuhan ng doktor tungkol sa pagkakaroon ng abnormal na dugo (dysemia); kaunting mga red blood corpuscle (anemia), kaunting mga platelet, o mababang bilang ng mga leukocyte. (Maaaring magsanhi ang gamot na ito ng paulit-ulit na pagiging abnormal ng dugo) .

(4) Iyong mga mayroong phenylketonuria. (May Aspartame (isang L-phenylalanine compound) ang gamot na ito).

(5) Mga bata (sa ilalim ng 15 taong gulang) at mga nakatatanda (80 taon at higit pa).

(6) Iyong mga o iniisip na nagdadalang tao at mga babaeng nagpapasuso.

2. Huwag uminom ng mga sumusunod na mga gamot habang umiinom ng gamot na ito:
Iba pang mga gastrointestinal agent.

■ Tiyaking:

1. Kumunsulta sa doktor o parmasyutiko bago gamitin ang gamot na ito kung naaangkop sa iyo ang anuman sa sumusunod:

(1) Kasalukuyan kang sumasailalim sa paggamot ng doktor o dentista

(2) Iyong mga malapit sa mga allergy o mayroong kasaysayan ng allergy sa pamilya.

(3) Kung ikaw ay isang taong dati nang nagkaroon ng mga allergic reaction sa mga gamot.

(4) Mga may edad na (65 taon at higit pa).
(Mga nakatatandang madalas na mayroong nabawasang pagkilos na physiological).

(5) Sa mga mayroon ng mga sumusunod na sintomas: pamamaga ng lalamunan, pag-ubo, o mataas na lagnat.
(Sa mga pasyenteng may mga naturang sakit, posible ang isang seryosong impeksyon at maaaring maobserbahan ang pagkakaroon ng abnormal na dugo tulad ng nabawasang mga hemocyte. Kung mayroon nang sakit ang tao bago inumin ang gamot, maaari nitong palalain ang sakit, na humahantong sa naantalang pagkakita ng nakasasamang epekto sa panggagamot).
Pagbaba ng timbang sa hindi alam na dahilan, paulit-ulit na kirot.
(Ang mga sintomas ay maaaring sanhi ng isa pang karamdaman).

2. Kapag ang mga sumusunod na sintomas ay naganap pagkatapos gamitin ang gamot na ito, tumigil sa pag-inom ng gamot at kumunsulta sa doktor o parmasyutiko:

(1) Kapag naganap ang mga sumusunod na sintomas pagkatapos gamitin ang gamot na ito:

| Lugar sa katawan | (Mga) Sintomas |
|---|---|
| Balat | Pantal, pamumula, pangangati, o pamamaga |
| Circulatory system | Iregular na tibok ng puso |
| Nervous system | Pagkawalan ng malay o mga kombulsyon |
| Iba pa | Maaaring sumama ang pakiramdam mo, o manghina, magkaroon ng mataas na lagnat, o maaaring lumala ang kundisyon ng iyong katawan sa pangkalahatan. |

Ang mga sumusunod na seryosong sintomas ay maaaring bihirang mangyari. Kung mayroon ka ng mga sintomas na ito, kumunsulta agad sa doktor.

| Pangalan ng sintomas | Mga tanda ng sintomas |
|---|---|
| Pagkagulat (anaphylaxis) | Pamumutla ng mukha, panlalamig ng mga kamay at paa, labis na pagpapawis nang malamig, labis na pamamantal, nakakaranas ng pamamanas, o hirap sa paghinga pagkatapos na uminom ng gamot na ito. |
| Stevens-Johnson syndrome<br><br>Toxic epidermal necrolysis (Lyell's syndrome) | Kabilang sa mga malalang palantandaan ang: pamamantal, pamumula ng balat, ang paglitaw ng mga paltos sa balat na parang nalapnos, bibig, o sa paligid ng mga mata. |
| Rhabdomyolysis (Isang karamdaman kung saan natutunaw ang skeletal muscle.) | Mga pangkalusugang pananakit ng skeletal muscle at paninigas. Nagiging mamula-mula ang ihi. |
| Sakit sa atay | Labis na pagkapagod o jaundice (paninilaw ng balat o mga mata). |
| Pagpalya ng bato | Ang pagbaba ng dami ng ihi, pamamaga ng katawan, pangkalahatang karamdaman, pagsusuka, dugo sa ihi, o albumin sa ihi. |
| Sakit sa dugo | Mga tanda tulad ng pamamaga ng lalamunan, lagnat, pangkalahatang sama ng pakiramdam, pamumuti ng kulay at posibilidad ng pagkakaroon ng pagdugo sa likod ng mga talukap ng mata (pagdurugo ng mga gilagid, ilong, atbp,) o paglitaw ng mga asul na sugat. |

(2) Kapag umiinom ng gamot na higit sa idinirektang dosis.

3. Ang mga sumusunod na sintomas ay maaaring mangyari paminsan-minsan. Tiyaking itigil ang pag-inom ng gamot na ito at kumunsulta sa isang doktor o parmasyutiko.

Empatso, malambot na dumi, pagtatae, o pagka-dehydrate.

## Mga Pag-iingat na Pangparmasyutiko at sa Pag-iimbak:

(1) Tiyaking palaging mahigpit ang takip at iimbak ang gamot sa tuyo at malamig na lugar na malayo sa direktang sinag ng araw.

(2) Ilayo mula sa mga bata.

(3) Huwag ilagay ang produktong ito sa isa pang lalagyan. (Maaari mawala ito ng bisa o magbago ang kalidad nito.)

(4) Huwag gamitin ang produktong ito pagkatapos ng expiration date.

出典　製造販売元 第一三共ヘルスケア株式会社
発行　（社）神奈川県薬剤師会

## Pangalan ng produkto: ZADITEN AL Rhinitis Capsule　（ザジテン AL 鼻炎(びえん)カプセル）

※Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

### Buod ng produkto

[Gamit]

Para sa pagpawi ng mga sintomas ng allergy mula sa pollen o alikabok sa bahay (panloob na alikabok): pagbahing, runny nose (sobrang pagkasipon), o pagbabara ng daanan ng hangin sa ilong.

[Mga Sangkap at Epekto]

Ang sumusunod na sangkap ay kasama sa isang kapsula.

| Aktibong Sangkap | Nilalaman |
|---|---|
| Ketotifen fumarate (bilang ketotifen) | 1.38mg<br>(1.0mg) |

[Dosis at Paggamit]

Mangyaring uminom ng isang dosis isang beses pagkatapos ng agahan at muli bago matulog sa gabi.

| Edad | Isang dosis |
|---|---|
| Nasa wastong edad (15 taong gulang o higit pa) | 1 kapsula |
| Mga bata (mas mababa sa 15 taong gulang) | Huwag uminom ng gamot na ito |

<Mga Babala sa Dosis at Paggamit>

- Mangyaring eksaktong sundin ang tinukoy na dosis at mga direksyon sa paggamit.
- Kung hindi pa rin napawi ang mga sintomas pagkatapos uminom ng gamot nang halos isang linggo, mangyaring kumunsulta sa doktor o sa parmasyutiko. (Ang epekto ng gamot ay iba-iba sa bawat tao. Depende sa tao, maaaring tumagal ito ng dalawang linggo upang lumabas ang epekto.)
- Paano alisin ang mga kapsula mula sa pakete
  Upang maalis ang kapsula mula sa PTP sheet, itulak nang dahan-dahan ang kapsula patagos ng aluminum foil. (Maging maingat na huwag malulon ang anumang bahagi ng PTP sheet, dahil maaaring may mangyaring hindi inaasahang mga aksidente kapag ginawa ito, tulad ng pagbara sa lalamunan ng piraso ng aluminum foil.)

### Mga Pag-iingat para sa Paggamit

Pakibasa nang mabuti ang mga sumusunod na direksyon bago gamitin ang produktong ito.

■ Ano ang hindi dapat gawin

(Ang pagkabigong sundin ang mga babalang ito ay maaaring humantong sa paglala ng mga sintomas at madagdagan ang peligro ng mga nakakasamang epekto.)

1. Hindi dapat uminom ng gamot na ito ang mga sumusunod na tao:
   (1) Sa mga nagkaroon ng allergic reaction sa gamot na ito sa nakaraan.
   (2) Mga batang hindi hihigit sa edad na 15.
2. Huwag uminom ng mga sumusunod na mga gamot habang umiinom ng gamot na ito:
   Gamot para sa iba pang mga allergy (kabilang ang mga gamot para sa sakit sa balat o mga gamot na iniinom para sa rhinitis), kasama ang mga antihistamine (mga panlunas sa sipon, mga antitussive, mga pildoras para sa motion sickness, o mga pampakalma).

3. Mangyaring huwag magpatakbo ng sasakyan o makinarya pagkatapos uminom ng gamot na ito. (Ang gamot na ito ay maaaring makapagpaantok sa iyo o makaapekto ng iyong paningin.)
